W1	Asignatura	Filipino	Baitang	8
	Markahan	4	Petsa	

I. PAMAGAT NG ARALIN	Florante at Laura
II. MGA PINAKAMAHALAGANG KASANAYANG PAMPAGKATUTO (MELCs)	1. Nahihinuha ang kahalagahan ng pag-aaral ng Florante at Laura batay sa napakinggang mga pahiwatig sa akda. 2. Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng – pagtukoy sa kalagayan ng lipunan sa panahong nasulat ito – pagtukoy sa layunin ng pagsulat ng akda-pagsusuri sa epekto ng akda pagkatapos itong isulat.
III. PANGUNAHING NILALAMAN	Florante at Laura ni Francisco Baltazar

IV. YUGTO NG PAGKATUTO AT MGA GAWAING PAMPAGKATUTO

I. Panimula (Mungkahing Oras: 10 minuto)

A. Bigyang pansin ang mga larawan:

Mula sa mga larawan, bumuo ka ng iyong konklusiyon kung ano ang nais ipahiwatig ng mga ito.

D. Pagpapaunlad (Mungkahing Oras: 50 minuto)

A. Basahin ang sumusunod:

Francisco "Balagtas" Baltazar - ama ng panulaang Tagalog, ang may akda sa obrang Florante at Laura. Ang malabis na sakit, kabiguan, kaapihan, himagsik, at kawalang katarungang naranasan ni Balagtas sa lipunang kanyang ginagalawan ay siyang nagtulak sa kanya upang likhain ang walang kamatayang Florante at Laura. Ang obrang ito ang nagsilbing gabay at nagturo sa mga Pilipino ng maraming bagay. Ito ay naglalaman ng mahahalagang aral sa buhay.

O maaari mong panuorin ang bahaging ito:
https://www.youtube.com/watch?v=02P2OQdMbG4

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Pagkatapos mong malaman ang mga pahiwatig sa akda, Magbigay ng kahalagahan ng pag-aaral ng Florante at Laura batay sa nabasang mga pahiwatig sa akda

1._____
2._____
3._____
4._____
5._____

IV. YUGTO NG PAGKATUTO AT MGA GAWAING PAMPAGKATUTO

Basahin at unawain.

Ang **Florante at Laura** ay isinulat ni Francisco Balagtas Baltazar noong 1838, panahon ng pananakop ng mga Espanyol sa bansa. Sa panahong ito, mahigpit ang ipinapatupad na sensura kaya't ipinagbawal ang mga babasahin at palabas na tumutuligsa sa pagmamalabis at kalupitan ng mga Espanyol. Dahil sa pagkontrol ng mga Espanyol, ang mga aklat na nalimbag ay karaniwang patungkol sa relihiyon, labanan ng Kristiyano at Moro na tinatawag ding Komedya at moro-moro, na siyang temang ginamit ni Balagtas sa kanyang awit. Ito ang dahilan kaya't nagtagumpay siyang mailusot ang kanyang akda sa mahigpit na sensura ng mga Espanyol. Gumamit siya ng alegorya kung saan masasalamin ang mga nakatagong mensahe at simbolismong kakikitaan ng pagtuligsa sa pagmamalabis at kalupitan ng mga Espanyol gayundin ng pailalim na diwa ng nasyonalismo.

Ayon kay Lope K. Santos masasalamin sa akda ang apat na himagsik na naghari sa puso at isipan ni Balagtas (1) ang himagsik laban sa malupit na pamahalaan; (2) ang himagsik laban sa hidwaang pananampalataya; (3) ang himagsik laban sa mga maling kaugalian; at (4) ang himagsik laban sa mababang uri ng panitikan.

Ang **awit** ay nagsisilbing gabay at nagturo sa mga Pilipino ng maraming bagay. Ito ay naglalaman ng mahahalagang aral sa buhay tulad ng wastong pagpapalaki sa anak, pagiging mabuting magulang, pagmamahal at pagmamalasakit sa bayan, pag-iingat laban sa mga taong mapagpanggap o mapagkunwari at makasarili, gayundin ang pagpapaalala sa madla na maging maingat sa pagpili ng pinuno sapagkat napakalaki ng panganib na dulot sa bayan ng pinunong sakim at mapaghangad sa yaman. Ipinakita rin sa akda ang kahalagahan ng pagtulong sa kapwa maging doon sa may magkakaibang relihiyon tulad ng mga Muslim at Kristiyano.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa binasang kaligirang kasaysayan ng Florante at Laura.

1. Ano ang kalagayan ng bansa sa panahong isinulat ni Balagtas ang awit na Florante at Laura?
   _____
   _____
2. Ano ang naging layunin ni Balagtas sa pagsulat niya ng kanyang akda?
   _____
   _____
3. Bakit mahalagang basahin at pag-aralan ang Florante at Laura?
   _____
   _____
4. Suriin ang naging epekto nito sa mga Pilipinong nakabasa sa panahong naisulat ito?
   _____
   _____
5. Batay sa binasa mong kaligirang pangkasaysayan, nagkaroon kaya ng impluwensiya ang Florante at Laura sa mga nangyaring pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa pamahalaang Kolonya? Ipaliwanag.
   _____
   _____

IV. YUGTO NG PAGKATUTO AT MGA GAWAING PAMPAGKATUTO

E. Pakikipagpalihan (Mungkahing Oras: 20 minuto)

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sumulat ng talata na naglalahad ng layunin ng Pagkakasulat ng Binasang akdang Florante at Laura.
Tukuyin din ang mga posibleng mga naging epekto ng akdang ito sa mga tao matapos itong isulat.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

A. Paglalapat (Mungkahing Oras: 20 minuto)

Bilang isang kabataan, ano ang nararamdaman mo para kay Balagtas na nag-iwan sa atin ng isang panitikang patuloy na binabasa at nagbibigay hindi lamang ng kasiyahan sa pagbabasa kundi ng magagandang aral?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

V. PAGTATAYA (Mungkahing Oras: 15 minuto)
(Ang mga Gawain sa Pagkatuto para sa Pagpapayaman, Pagpapahusay, o Pagtataya ay ibibigay sa ikatlo at ikaanim na linggo)

Panuto: Isulat ang **I** kung ang pahayag na nasa bilang ay tama at **M** naman kung ito ay Mali.

_____ 1. Nakatuon ang pagkakasulat ng Florante at Laura sa pag-ibig ni Francisco Balagtas.
_____ 2. Nagsilbing gabay at nagturo sa mga Pilipino ang obrang ito ng maraming mahahalagang aral sa buhay.
_____ 3. Ang naglalaman ang akda ng mga alegorya kung saan masasalamin ang mga nakatagong mensahe at simbolismong panunuligsa sa kalupitan ng mga Espanyol.
_____ 4. Isinulat ang akdang ito upang ipakitang may pag-ibig at katiwasayan ang Pilipinas sa ilalim ng pamamahala ng mga Espanyol.
_____ 5. Ginamit ni Francisco Balagtas ang akdang ito upang maibunyag ang mga pagmamalabis at kalupitan ng mga Espanyol.

VI. PAGNINILAY (Mungkahing Oras: 5 minuto)

- Ipabatid ang iyong personal na pagtatasa sa kard ayon sa lebel ng iyong performans.

Personal na Pagtatasa sa Lebel ng Performans Para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili:
☆ - Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
✓ - Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawanito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
ʔ – Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis a pagsasagawa nito. Hindi ko nauunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain Sa Pagkatuto	LP	Gawain Sa Pagkatuto	LP	Gawain Sa Pagkatuto	LP	Gawain Sa Pagkatuto	LP
Bilang 1		Bilang 3		Bilang 5		Bilang 7	
Bilang 2		Bilang 4		Bilang 6		Bilang 8	

VII. SANGGUNIAN	https://www.youtube.com/watch?v=02P2OQdMbG4

Inihanda ni:	Melvy M. Carreon Rowena B. Allam	**Sinuri nina:**	Ruben S. Montoya Beverly T. Andal Anna Paulina B. Palomo Jasmin S. Ravano